

Maging hanDA sa **LA NIÑA** para tuloy ang produksyon at kita

Nag-anunsyo ng La Niña Watch ang Department of Science and Technology - Philippine Atmospheric and Geophysical Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA) bilang babala ukol sa pagtaas ng posibilidad ng La Niña sa buwan ng Hunyo-Hulyo-Agosto sa bansa.



PHILRICE

Ano ba ang La Niña?

Ang La Niña ay ang paglamig ng temperatura sa gitna at silangang bahagi ng Karagatang Pasipiko. Kadalasan itong nangyayari pagkatapos ng El Niño at tumatagal ito ng siyam na buwan hanggang dalawang taon. Ang La Niña ay inaasahang magdadala ng malakas at madalas na pag-ulan, pagguho ng lupa, pag-baha, at pagkasira ng mga imprastraktura na lubhang makakaapekto sa sektor ng agrikultura.

Mga posibleng epekto ng La Niña sa iba't ibang sektor ng agrikultura:

- ✓ Pagkapinsala ng mga pananim na dulot ng malalakas na hangin at ulan
- ✓ Tumatagal ang paglago ng mga pananim
- ✓ Pagbaba ng kalidad at dami ng ani
- ✓ Pag-apaw ng tubig sa mga palaisdaan at irigasyon
- ✓ Pag-atake ng mga peste at sakit sa mga pananim at mga alagang hayop
- ✓ Pagka-antala ng mga aktibidad sa sakahan at karagatan
- ✓ Pag-guho ng mga lupa na maaaring magresulta sa pagka-pinsala ng mga pananim at pagkakasakit o pagkamatay ng mga alagang hayop

Kung hindi mapaghahandaan ang La Niña at hindi mapapangalagaan ang sektor ng agrikultura at pangisdaan, maaaring bumaba ang suplay ng pagkain sa bansa. Posible itong magdulot ng pagtaas ng presyo ng mga bilingin at pagdami ng bilang ng mga Pilipinong mahihirapang makabili ng pagkain at matustusan ang kanilang pangangailangang pangnutrisyon.

Maging HanDA sa La Niña upang mabawasan ang pinsalang dulot nito sa sektor ng agrikultura at mapangalagaan ang buhay at hanapbuhay ng mga magsasaka at mangingisda.

Paano Maging HanDA?

Sa sakahan:

- ✓ Planuhing mabuti ang iskedyul ng mga aktibidad sa sakahan upang hindi matapat sa panahong may bagyo
- ✓ Kumpunihin at linisin ang mga kanal ng irigasyon at iba pang daluyan para sa mas maayos na pag-agos ng tubig
- ✓ Gumawa ng small farm reservoir at iba pang water harvesting systems upang makabawas sa dami ng tubig na dumadaloy sa mga sakahan
- ✓ Paagusin ang sobrang tubig sa sakahan pagkatapos ng malakas na ulan
- ✓ Gumamit ng mga matibay na barayti ng pananim na may kakayahang mabuhay kahit ilang araw na nakalubog sa tubig
- ✓ Alamin ang mga makinaryang puwedeng gamitin sa mabilisang pag-ani, pagtuyo, o pagproseso ng mga produkto at kung saan ang pinakamalapit na puwedeng puntahan para makakuha ng serbisyo ng mga ito
- ✓ Siguruhing nasa mataas na lugar ang kulungan ng mga alagang hayop
- ✓ Kumuha ng insurance sa Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC)

Sa pangisdaan:

- ✓ Siguruhing nasa maayos na kondisyon ang bangka at mayroong safety equipment
- ✓ Tiyaking matibay ang mga bangka, mga kulungan sa aquaculture, at mga istraktura sa baybayin
- ✓ Suriin ang mga fish cages at pasilidad sa aquaculture
- ✓ Ipaalam ang lugar ng pangingsidaan, inaasahang oras ng pagbalik, at ang tinatayang tagal ng biyahe sa mga kasamahan
- ✓ Regular na i-monitor ang kalidad ng tubig
- ✓ langkop ang mga pamamaraan sa pagpapakain ng isda sa mga operasyon ng aquaculture
- ✓ Gumamit ng rope-framed fish cages
- ✓ Agarang anihin ang natitirang stocks kung may paparating na bagyo o posibleng baha
- ✓ Subukan ang mga alternatibong pagkakakitaan



© DA-PhilRice PhotoBank

“Maging HanDA at alerto, alamin ang mga pinakabagong ulat sa lagay ng panahon.”

Makipag-ugnayan sa DA-Regional Field Offices (DA-RFOs) at sa iba pang ahensya ng DA na malapit sa inyong lugar.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:



**DEPARTMENT OF AGRICULTURE
DISASTER RISK REDUCTION AND
MANAGEMENT SERVICE**

Elliptical Road, Diliman, Quezon City, 1101
+63 (2) 8929-0140
drrmc@da.gov.ph

Sanggunian:

“La Niña Palay Tips” ng DA-Philippine Rice Research Institute
DA-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)
“La Niña Watch” ng DOST-PAGASA

Produksiyon:

DA-Agriculture and Fisheries Information Division
2024